



Mga Pagpapabuti sa Interstate 880 Interchange (Whipple Road/Industrial Parkway Southwest at Industrial Parkway West)

ENERO 2021


PANGKALAHATANG PANANAW NG PROYECTO

Ang Alameda County Transportation Commission (Alameda CTC, Komisyon ng Transportasyon), sa pakikipagtulungan ng California Department of Transportation (Caltrans, Kagawaran ng Transportasyon ng California), ay ipapatupad ang buong pagpapabuti sa interchange sa Interstate 880 (I-880)/Whipple Road interchange at Industrial Parkway West interchange, kabilang ang:

- Isang northbound off-ramp na patungong Industrial Parkway West
- Isang southbound na pang-high occupancy vehicle (HOV, sasakyang may mahigit sa isang sumasakay) na bypass lane sa southbound loop na off-ramp
- Muling pagpapatayo ng tulay sa ibabaw ng I-880
- Mga pagpapabuti sa kalye at paghahanay Dahil sa pagiging malapit nito, ang mga pagpapabuti sa parehong interchange ay pinaunlad sa iisang proyekto.

PANGANGAILANGAN NG PROYECTO

- Ang mga interseksyon ng rampa sa -880/Whipple Road ay kasalukuyang pinapatakbo sa o mahigit sa kapasidad, na may olang paggalaw na nakakaranas ng malaking pagkaantala sa mga abalang oras sa a.m. at p.m.
- Naobserbahang pila ng mga sasakyan para sa northbound off-ramp sa Whipple Road na paminsan-minsan ay umaabot sa pangunahing linya.
- Ang Whipple Road-Industrial Parkway South West interchange ay tinukoy ng mga lungsod ng Union City at Hayward bilang nangangailangan ng mga pagpapabuti para sa nagbibisikleta at pedestriyan upang mapahusay ang koneksyon sa pagitan ng silangan at kanlurang panig ng I-880.
- Walang itinalagang pasilidad para sa bisikleta sa hanay ng Whipple Road o Industrial Parkway sa I-880, at makitid ang bangketa sa hanay ng hilagang panig ng Whipple Road.
- Ang masama ang kalagayan ng pagkakapatag ng daan sa Whipple Road sa loob ng right-of-way ng Caltrans at nangangailangan ng malaking rehabilitasyon.





MGA KAPAKINABANGAN SA PROYECTO

- Inaalís ang pagsikip ng trapiko sa freeway at interchange
- Pinaigting ang kaligtasan
- Pinagbubuti ang lokal na pag-akses ng negosyo sa hanay ng Whipple Road
- Pinagbubuti ang pag-akses ng bisikleta at pedestriyan sa kabuuan ng I-880 freeway
- Pinagbubuti ang pag-akses ng transit patungo at mula sa I-880 freeway



MGA PAGPAPABUTI SA INTERSTATE 880 INTERCHANGE (WHIPPLE RD/INDUSTRIAL PKWY SW AT INDUSTRIAL PKWY WEST)

MGA ALTERNATIBO SA WHIPPLE ROAD INTERCHANGE



- LEGEND**
- Roadway Improvements
 - New Freeway Ramps
 - Modified Freeway Ramps
 - Replace Bridge Structure
 - Retain Bridge Structure
 - Enhanced Bike Facilities
 - Modified Traffic Signal

MGA ALTERNATIBO SA INDUSTRIAL PARKWAY SW INTERCHANGE



TANTIYA NG GASTOS AYON SA YUGTO (\$ X 1,000)

Pagpapalano/Scoping	\$1,000
PE/Pangkapaligiran	\$5,250
Panghuling Disenyo (PS&E)	\$15,250
Right-of-Way	\$20,000
Konstruksyon	\$178,500
Mga Kabuuang Gastos	\$220,000

Tandaan: Ang tantiya ng konstruksyon ay inaasahan sa kalagitnaan ng taon ng konstruksyon, 2025.

MGA PINAGMUMULAN NG PAGPOPONDO (\$ X 1,000)

Panukala BB	\$104,000
Pederal	Isisiwalat
Estado	Isisiwalat
Lokal	Isisiwalat
Isisiwalat	\$116,000
Mga Kabuuang Kita	\$220,000

Tandaan: Ang pagpopondo sa Panukala BB ay napapailalim sa pag-apruba ng Komisyon sa hinaharap.

KATAYUAN

Nagpapatupad na Ahensya: Alameda CTC

Kasalukuyang Yugto: Pangunahing Pang-inhinyeriya/Pangkapaligiran (PE/Pangkapaligiran)

- Ang Pag-aaral ng Posibilidad ay nakumpleto noong Mayo 2016.
- Ang Ulat sa Pag-aaral ng Proyekto-Suporta sa Pagpapaunlad ng Proyekto (PSR-PDS) ay nakumpleto noong Agosto 2018.
- Ang Draft na Dokumentong Pangkapaligiran ay naka-iskedyul na ilabas noong Enero 2021.

MGA KASOSYO AT STAKEHOLDER

Caltrans, Alameda CTC, at mga lungsod ng Hayward at Union City

ISKEDYUL AYON SA YUGTO

	Simula	Katapusan
Scoping	Taglagas 2017	Tag-init 2018
PE/Pangkapaligiran	Tag-init 2018	Tag-init 2021
Panghuling Disenyo	Taglagas 2021	Tagsibol 2024
Right-of-Way	Taglagas 2021	Tagsibol 2024
Konstruksyon	2024	2027

Tandaan: Ang iskedyul ng proyekto na kasunod ng yugto ng pangunahing pang-inhinyeriya/ pangkapaligiran ay depende sa pagkakaroon ng pagpopondo para sa mga yugto sa hinaharap.

Tandaan: Ang impormasyon tungkol sa fact sheet na ito